

ANG BANAL NA KOMUNYON

AWIT NG PAGHAHANDA

“Sa Aki’y Hatiin Ang Tinapay”

MASP 96

ANG SALITA NG PAGKATATAG AT PAGBABAHAGINAN

ANG PAGHAHANDOG

TAWAG SA PAGHAHANDOG (Kawikaan 3:9-10)

Patnugot

Parangalan mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani: ¹⁰ Sa gayo’y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak.

✠ **DOKSOLOHIYA**

PANALANGIN NG PASASALAMAT

Patnugot

PAGSASAGAWA NG PAGKILALA SA MGA MANGGAGAWA

✠ **AWIT NG PAG-ASA** **“Ang Buhay Ko’y Tangnan Mo”**

AIK 19

Take My Life and Let It Be

Ang buhay ko’y tangnan Mo nais kong maging Iyo
Bawat oras ay mabago nang upang ang malasap
Kaglakan kay Cristo.

Ang bisig ko’y kunin din kung ‘yon ang “Yong naisin
Sa Iyong handang gawain maglingkod nang buong giliw
Maglingkod buong giliw.

Ang tinig ko ay laan upang magpuring tunay
Kunin Mo at ‘Yong hawakan ang nais ko’y patnubay
Ang layunin at pakay.

✠ Ginto’t pilak ko’y kunin yaman kong ihahain
Handog kong may paggiliw handog sa Iyong Gawain
Handog ko sa Gawain. Amen.

✠ **PANALANGIN**

✠ **BASBAS**

✠ **TATLONG AMEN**

MGA BALITA AT PAALALA



UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES
(Local Church and Address)



November 6, 2016 (11th Sunday in Kingdomtide) Communion Sunday

CHURCH WORKERS APPRECIATION SUNDAY

STEWARDSHIP MONTH

Stewardship is important because this component in the life of the Church is where and how we develop and create resources that will allow us to continue doing mission.

-Lauro C. Millan, Stewardship Sunday Message 2015



Patnugot:

Manunugtog:

Tagapagbasa ng Banal na Kasulatan:

Tagapamahalang Pastor:

KAAYUSAN NG PAGSAMBA

PROSESYONAL

PAGBUBUKAS NG BIBLIYA AT PAGSISINDI NG KANDILA

✠ TAWAG SA PAGSAMBA (Awit 98:1-3 Tagalog Popular Version)

Patnugot: Kumanta ng bagong awit at kay Yahweh ay ialay, pagkat mga ginawa Niya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas Niya at kabanalang taglay walang hirap na natamo itong hangad na tagumpay.

Kapulungan: Ang tagumpay ni Yahweh, Siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas.

Lahat: Ang pangako sa Israel lubos Niyang tinutupad; tapat Siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay nahayag!

✠ AWIT NG PAGTITIPON "T'wina'y Magagandang Awit" MASP 109

T'wina'y magagandang awit, at sa lirang tinig
Ay mairog na magsulit, buhay ay nagkamit.
Hanggang kawakaswakasan, ay hindi mabilang
Ang pagpuri sa Dios ialay sa pagtanaw ng utang.

L'walhati at pagpapala, ang sa ati'y handa
Upang doo'y magkamit nga ng laan niyang t'wa,
Ang pangako ngang matibay, kay David na hirang
Ibinukod na tanging angkan na maghaharing tunay.

Bayan ngang may kapalaran, ang siyang makaalam
Malwalhati mong pagsilang, na nagkukuminang
Na ikaw sa mga hirang, araw ng katwiran
Ikaw ang pag-asa't hantungan ng biyayang kakamtan.

✠ PANALANGIN

Patnugot

PANALANGIN NG PAGSISISI AT PAGSUSUMAMO (Awit 17:1-20)

Patnugot: ¹ Dinggin Mo ang matuwid, Oh Panginoon, pakinggan Mo ang aking daing; ulinigin Mo ang aking panalangin, na hindi lumalabas sa mga magdarayang labi. ² Manggaling sa Iyong harapan ang aking kahatulan; masdan ng Iyong mga mata ang karampatan. ³ Iyong sinubok ang aking puso; Iyong dinalaw ako sa kinagabihan; Iyong nilitis ako, at wala Kang nasumpungan; ako'y nagpasiya na ang aking bibig ay hindi sasalangsang.

Kapulungan: Kaawaan mo kami, Panginoon!

Patnugot: ⁴ Tungkol sa mga gawa ng mga tao, sa pamamagitan ng salita ng Iyong mga labi. Ako'y nag-ingat sa mga daan ng pangdadahas. ⁵ Ang aking mga hakbang ay nagsipanatili sa Iyong mga landas, ang aking mga paa ay hindi nangadulas.

Kapulungan: Kaawaan mo kami, Panginoon!

Patnugot: ⁶ Ako'y tumawag sa Iyo, sapagka't Ikaw ay sasagot sa akin, Oh Dios: Ikiling mo ang Iyong pakinig sa akin, at dinggin Mo ang aking pananalita.

⁷ Ipakita Mo ang Iyong mga kagilagilalas na kagandahang-loob, O Ikaw na nagliligtas sa kanila na nagsisipagkanlong sa Iyo. Sa nagsisibangon laban sa kanila, sa pamamagitan ng Iyong kanan. ⁸ Ingatan Mo ako na gaya ng itim ng mata, ikubli Mo ako sa lilim ng Iyong mga pakpak,

Kapulungan: Kahabagan mo kami, Panginoon!

Patnugot: ⁹ Sa masama na sumasamsam sa akin, sa aking mga kaaway na nagsisipatay, na nagsisikubkub sa akin. ¹⁰ Sila'y nangabalot sa kanilang sariling taba: sila'y nangagsasalita ng kanilang bibig na may kapalaluan. ¹¹ Kanilang kinubkob nga kami sa aming mga hakbang: itinititig nila ang kanilang mga mata upang ibuwal kami sa lupa; ¹² Sila'y parang leon na masiba sa kaniyang huli, at parang batang leon na nanunubok sa mga lihim na dako.

Kapulungan: Kahabagan mo kami, Panginoon!

Patnugot: ¹³ Bumangon Ka, O Panginoon, harapin Mo siya, ilugmok Mo siya: igitas Mo ang aking kaluluwa sa masama sa pamamagitan ng Iyong tabak:

Kapulungan: Igawad mo ang iyong kaligtasan, Panginoon.

Patnugot: ¹⁴ Sa mga tao, sa pamamagitan ng Iyong kamay, O Panginoon, sa mga tao ng sanlibutan, na ang bahagi nila ay nasa buhay na ito, at ang tiyan nila'y pinupuno mo ng Iyong kayamanan: kanilang binubusog ang kanilang mga anak, at iniwan nila ang natira sa kanilang pag-aari sa kanilang sanggol.

Kapulungan: Igawad mo ang iyong kaligtasan, Panginoon.

SANDALI NG PAGNINILAY AT PAGSUSURI NG SARILI

(kasabay sa saliw ng tugtugin)

SALITA NG KATIYAKAN

Pastor

¹⁷ Ang Panginoon ay matuwid sa lahat Niyang daan, at mapagbiyaya sa lahat Niyang mga gawa. ¹⁸ Ang Panginoon ay malapit sa lahat na nagsisitawag sa Kaniya, sa lahat na nagsisitawag sa Kaniya sa katotohanan. ¹⁹ Kaniyang tutuparin ang nasa nila na nangatakot sa Kaniya; Kaniya ring didinggin ang kanilang daing, at ililigtas sila. ²⁰ Iniingatan ng Panginoon ang lahat na nagsisi-ibig sa Kaniya; nguni't lahat ng masama ay lilipulin Niya.

MGA PAALALA, MALASAKIT NG IGLESIA, PAGBATI PANALANGIN NG SABAYANAN NG DIOS

ANG SAMA-SAMANG PAGBUBULAY SA SALITA NG DIOS

PAGBASA NG LUMANG TIPAN

Ageo 1:15b-2:9 or 1Samuel 3:1-19

✠PAGBASA NG BAGONG TIPAN

Lukas 20:27-38

PAGBASA MULA SA MGA SULAT

2 Tesalonica 2:1-5, 13-17 o 2 Timoteo 1:11-14

✠GLORIA PATRI

MENSAHE SA AWIT

MENSAHE SA SALITA

KAAYUSAN NG PAGSAMBA

TAHIMIK NA PAGBUBULAYBULAY NG KAPULUNGAN PROSESYONAL

PAGBUBUKAS NG BIBLIYA AT PAGSISINDI NG KANDILA

✠ **TAWAG SA PAGSAMBA** (Awit 145:1-3)

Patnugot: Ang kadakilaan ng Diyos ko at Hari aking ihahayag, 'di ko titigilan magpakailanman ang magpasalamat.

Kapulungan: Aking pupurihi't pasalamat Siya araw-araw, 'di ako titigil ng pasalamat magpakailanman.

Lahat: Dakila Ka Yahweh, at karapat-dapat na Ika'y Purihin; kadakilaan Mo'y tunay na mahirap naming unawain.

✠ **AWIT** "Sa Hari't Panginoon" AIK 228
(Rejoice the Lord is King)

Sa Hari't Pangino'n tuwa ay i-ukol!
Purihi't pasalamat ang Pangino'n
Umawit ka't sa puso mo'y maghahari kagalakan.

Maghahari ang Dios, ang Dios ng pag-ibig;
Maghahari habang tayo'y nililinis.
Umawit ka't sa puso mo'y maghahari kagalakan.

Ang Kaharian N'ya sa lupa at langit;
Sa bugtong na Anak Niya isusulit.
Umawit ka't sa puso mo'y maghahari kagalakan.

Tuwa at pag-asa sa Kanyang pagdating,
Upang sa tahanan ng Dios tayo'y dalhin.
Umawit ka't sa puso mo'y maghahari kagalakan.

✠ **PANALANGIN** Patnugot

TAWAG SA PAGSISISI (Awit 143:1-3)

Patnugot: Dinggin Mo o Yahweh ang aking dalangin, tapat Ka't matuwid kaya ako'y dinggin.

Lahat: Itong Iyong lingkod huwag Mo ng subukin, batid Mo na ang lahat, kami ay salarin.

SANDALI NG PAGNINILAY AT PAGSUSURI NG SARILI
(kasabay sa saliw ng tugtugin)

PAGTANGGAP SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS
TUGONG AWIT "Si Bathala ang Matibay" Pastor MASP 193

Si Bathala ang matibay, moog ng kalakasan
Siya ang ating tanggulan sa madlang kasamaan
Pagka hinahalay tayo ng kaaway, Siya ang tawagan
Kanyang kalakasan, tulong na kailangan.

MGA PAGBATI

MGA PAALALA AT MALASAKIT NG IGLESIA

PANALANGIN NG PAMAYANAN

TUGON "Ang Ngalan ni Jesus" AIK 38
(Tune: His name is Wonderful)
Ang ngalan ni Jesus ay kahanga-hanga
Sa ngalan mo ako'y humahanga.
Haring walang hangan, di kayang pantayan,
Ang ngalan mo Jesus ay kaylangan.
Pastol ng tupa't moog na kanlungan, Dios na walang hangan;
Dapat ibigin, dapat igalang, ang ngalan mo Jesus ay kaylangan.

SAMASAMANG PAGBUBULAYBULAY

Lumang Tipan Awit 137:1-6
Sa mga Sulat Acts 28:2 or 2Tesalonica 3:6-13

✠ **GLORIA PATRI**
Ebanghelyo Lucas 21:5-19

MENSAHE SA AWIT

MENSAHE SA SALITA

PAANYAYA SA PAGHAHANDOG Patnugot
Sapagka't dito'y wala tayong bayan na namamalagi, nguni't hinahanap natin ang bayan na darating. Sa pamamagitan nga niya ay maghandog tayong palagi ng hain ng pagpupuri sa Dios, samakatuwid baga, ay ng bunga ng mga labi na nagpapahayag ng Kaniyang pangalan. Datapuwa't ang paggawa ng mabuti at ang pag-abuloy ay huwag ninyong kalimutan: sapagka't sa mga gayong hain, ang Dios ay totoong nalulugod. (Heb 13:14-16)

LILIKUMIN ANG MGA KALOOB

✠ **DOKSOLOHIYA**

✠ **PANALANGIN NG PASASALAMAT** Patnugot

AWIT NG PAGHAYO "O Mapagpala Naming Dios" AIK 195
O mapagpala naming Dios patnubayan ang lingkod
Sa iyong Iglesiang dulot, pag-ibig Mo ang handog
Bigyang tapang sa gawain upang gampanan namin
Buong tapang Kang sundin.

Kay raming pagpigil sa daan ang sa ami'y nahadlang
Aang takot at alinlangan, al'sin Mo sa aming buhay
Pagpalain, bigyang tapang nang upang magtagumpay
Tunay na makakamtan.

✘ Ang tindi ng aming pasanin, ibsan Mo o Diyos namin
Ang kilos nami'y baguhin kalooban Mo'y sundin.
Bigyang tapang, pagpalain, buong puso kang sundin
Buong puso kang sundin.

✘ **PANALANGIN NG PAGTATALAGA**

✘ **BASBAS**

✘ **TATLONG AMEN**

MGA BALITA AT PAALALA



UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES
(Local Church and Address)



STEWARDSHIP MONTH

November 13, 2016 (12th Sunday in Kingdomtide) Theological Education Sunday



Patnugot:

Manunugtog:

Tagapagbasa ng Banal na Kasulatan:

Tagapamahalang Pastor: